Buod at Mga Item ng Hakbang

1) Magbigay ng patnubay para sa pagtatasa (assessment) ng panganib at pangangasiwa ng pampublikong kalusugan ng mga taong maaaring may 2019 Novel Coronavirus (2019-nCoV)
2) Magbigay ng partikular na patnubay para sa pangangasiwa ng mga nagbiyahe mula sa mainland Tsina na walang mga sintomas

Background

Lumikha ang CDC ng pansamantalang patnubay upang makapagbigay ng balangkas sa mga awtoridad na state at lokal ng pampublikong kalusugan sa pagtatasa (assessment) ng panganib ng posibleng pagkakahantad (exposure) sa 2019-nCoV at pagsasagawa ng mga hakbang batay sa antas ng panganib ng isang tao at ang kaniyang klinikal na pagharap. Tinanggap ng IDPH ang mga patnubay na iyon para sa mga LHD at nagsasagawa ang mga lokal na kagawaran na ito ng mga hakbang na maaaring kabilang ang aktibong pagsubaybay o pag-supervise ng sariling pag-monitor at/o ang aplikasyon ng mga paglilimita sa paglilibot, gaya ng pagbubukod at quarantine.

Ang mga nagbiyahe sa mainland, Tsina ay sinasala (screened) sa mga airport para sa mga sintomas at para sa kanilang antas ng panganib sa novel coronavirus. Batay sa pagtatasang ito (asssessment), maaaring pahintulutang magpatuloy ang mga nagbibiyahe sa kanilang mga destinasyon sa loob ng Illinois.

Posibilidad ng Pagkakahantad (Exposure)

Nagtalaga ang CDC ng pamantayan ng mga antas ng pagkakahantad (exposure): (mataas, katamtaman, mababa at walang nakikilalang panganib) bilang patnubay sa masinop na pangangasiwa ng pampublikong kalusugan ng mga tao, pagkatapos ng potensiyal na pagkakahantad nila sa 2019-nCoV. Maaaring hindi sakop ng mga kategoryang ito ang lahat ng maaaring sitwasyon ng pagkakahantad kaya hindi ito dapat ipamalit sa indibidwal na pagtatasa (assessment) ng antas ng panganib para sa klinikal na pagpapasiya, o ng pang-indibwal na pangangalaga ng pampublikong kalusugan. Ang mga antas ng panganib na mga ito ay para sa mga setting na may kinalaman sa pagbibiyahe at sa komunidad; Hiwalay ang patnubay para sa mga healthcare setting. Binibilang ang lahat ng pagkakahantad (exposure) sa loob ng 14 na araw bago sa pagtatasa (assessment) at inilalapat ang mga rekomendasyon hanggang 14 na araw pagkatapos ng pagkakahantad (exposure). Para sa karagdagang detalye tungkol sa mga kategorya ng pagkakahantad (exposure), tingnan ang dokumento ng sanggunian sa ibaba.

Tugon ng IDPH at LHD

Ipapaalam ng IDPH sa mga LHD sa pamamagitan ng email ang tungkol sa mga bagong nagbiyahe na nasa kanilang mga sakop na lugar pitong araw sa isang linggo, kaya tiyaking up-to-date ag CEMP sa mga impormasyong pang-kontak pagkatapos ng opisina. Ilalagay ng IDPH ang impormasyon ng nagbiyahe sa REDCap application. Kailangang makipag-ugnayan ang LHD sa mga nagbiyahe upang mabigyan sila ng mga instruksiyon sa pagbubukod at sa proseso ng aktibong pagmo-monitor.

Ang pinakahuling instruksiyon at mapagkukunan ng impormasyon para sa pagmo-monitor ng

mga nagbiyahe ay makikita sa web portal page ng IDPH Coronavirus – 2019.

Hinihiling sa mga LDH na italaga kung aling mga pasilidad ng health care ang makakapag-test o makapagbibigay ng pangangalaga sa nagbiyaheng may mga sintomas at alamin ang pinakamainam na impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

May webinar ang Seksiyon ng Nakahahawang Mga Sakit bukas (Huwebes, ika-6 ng Pebrero) ala-1 NH upang magbigay ng mga partikular na gabay sa pamamahala ng mga taong nagbiyahe mula sa mainland Tsina.

Upang sumali sa webinar, pumunta sa:
https://illinois.webex.com/illinois/onstage/g.php?MTID=ec83faaaa25f9f55190fade47436c3365

Kontak

Para sa karagdagang impormasyon o mga tanong, mangyaring makipag-ugnayan sa IDPH Seksiyon ng Mga Sakit na Nakahahawa sa 217-782-2016 o mag-email kay judy.kauerauf@illinois.gov; pagkatapos ng opisina, tawagan ang 800-782-7860.

Karagdagang Mapagkukunan ng Kaalaman

Pansamantang Panuntunan ng US para sa Pagtatasa (Assessment) at Pangangasiwa ng Pampublikong Kalusugang ng mga Taong Maaaring Nahantad (Exposed) sa 2019 Novel Coronavirus (2019-nCoV) sa mga Setting na May-kinalaman sa Pagbibiyahe at sa Komunidad

Pansamantalang Panuntunan para sa Pagsasagawa ng Pangangalaga sa Bahay ng mga Taong Di-nangangailangang Manatili sa Ospital para sa 2019 Novel Coronavirus (2019-nCoV)

Pinagtutuunang Tagabasa

Lokal na mga Kagawaran ng Kalusugan

Petsa ng Isyu

Pebrero 5, 2020

May-akda

Seksiyong ng Nakakahawang mga Sakit